

# CHAPTER *One*

It was an ordinary Friday morning for Angelie Aragon. Maaga siyang nagligpit ng kalat sa shop, sandaling naglinis ng bahay bago naligo. While drinking her favorite chocolate-flavored energy drink, isa-isa niyang inalis sa hanger ang fifteen pieces na t-shirt na inimprentahan niya nang nakaraang gabi.

Napuyat nga siya dahil nilamay niya ang mga iyon. Kailangan kasing mai-deliver ang mga t-shirt ngayong araw. Kung tutuusin ay hindi niya trabaho ang pagtitiklop niyon pero ginawa na niya, tatal, since silkscreen ang ginamit niya sa pag-imprenta ay kinailangan pa iyong isa-isang plantsahin ni Pocholo. Napuyat din nga ang pobre niyang kapatid,

kaya naghihilik pa ito ngayon kahit mataas na ang araw.

Isinilid niya ang mga kamiseta sa malaking plastic bag kasama ng iba pa. All in all ay thirty pieces iyong pinaimprentahan sa kanila na kailangan niyang maihatid sa customer mid-morning nang araw na iyon.

Matapos higupin ang huling lagok ng energy drink ay hinagilap niya ang set ng susi na nakasabit sa basketball keychain saka binitbit ang plastic bag palabas. Ipinuwesto niya iyon sa pagitan ng manibela at upuan ng kanyang *Suzuki Smash* motorcycle at matapos makapagsuot ng jacket at helmet ay humarurot na ng alis. Hindi na siya nag-abalang isara ang gate pagkalabas niya dahil alam niyang mayamaya lang ay dadating na ang daddy nilang si Greg galing sa pag-jo-jogging sa kalapit na village.

Riding her motorcycle had been her mode of transportation for the past couple of years, kaya naman sanay na si Angel na nagmomotor sa alinmang pangunahing kalsada sa Metro Manila. Kabisado rin niya kahit ang maliliit na kalyeng puwedeng daanan as shortcuts.

Makailang beses na siyang sumemplang sa pagmomotor. Ilang beses na rin siyang muntik nang matuluyan dahil doon. But since it had become her passion ay hindi siya napagarahe nang ilang beses

na pagkakalagay ng buhay niya sa peligro.

Ang masagi o makasagi ng kapwa motorista sa kalsada ay hindi na rin bago sa kanya. Pero napapamura pa rin naman siya tuwing nangyayari iyon.

Gaya na lang ngayon na naramdaman niyang dumaiti ang unahang gulong ng motor niya sa kotseng nasa unahan. Nang pumasok siya sa East Avenue mula Elliptical Road ay hindi na niya binantayan ang speed niya. Normal naman na ma-traffic ang bahaging iyon at very unlikely na madidisgrasya o makakadisgrasya siya roon.

Kaya hindi niya alam kung bakit hindi siya agad nakapagpreno nang mapadikit siya nang husto sa likuran ng pulang *Subaru* sa unahan. The impact was not that hard, pero nayupi pa rin ang likuran ng mukhang bagung-bago pa namang sasakyan.

“Kung kailan ka naman nagmamadali, oo,” she whispered in disgust. Nakita niyang bumukas ang pinto ng kotse sa passenger side, kaya inihanda niya ang sarili sa confrontation. Hindi rin naman iyon ang unang pagkakataon na nangyari ang ganoon sa kanya, kaya alam na ni Angel kung paano i-handle ang mga ganoong sitwasyon.

“My God, ano ba ’yan?” bulalas ng babaeng lumabas sa kotse. Tiningnan muna nito ang damage ng sasakyan bago siya sinita. “Bakit kasi hindi ka

nag-iingat?”

The lady appeared to be in her early thirties. Mukha itong may-sinasabi sa buhay base na rin sa ayos nito.

“Sorry, Ma’am, nagulat kasi ako sa biglang paghinto n’yo,” Angel apologized matapos mag-aalis ng helmet.

“So, it’s our fault, is that what you mean?” ganti nito.

“Hindi naman po sa ganoon.” Binuksan niya ang bodybag na nakasabit sa kanyang leeg ang strap at kumuha roon ng calling card. “Nandito ang contact numbers ko pati address. I’ll pay for the damages, kontakin n’yo lang po ako.”

Nagkunot ng noo ang babae. “So, ganoon lang?” Nilinong nito ang na-damage na bahagi ng sasakyan saka umiling.

Luminga siya saglit para tingnan kung may traffic enforcer sa paligid at nagpasalamat siyang wala. ”Ma’am, like what I’ve said, babayaran ko ang damage ng kotse n’yo. Pero huwag na po sana natin itong pahabain dahil pareho lang tayong magkakaproblema.”

“Ikaw ang nakadisgrasya dito, kaya *ikaw* lang ang magkakaproblema.”

Napahagod sa batok ang dalaga. According to her wristwatch, may fifteen minutes na lang bago

ang meeting time nila ng customer na pagdadalhan niya sa inimprentahang mga kamiseta. Kapag may traffic enforcer na umeksena sa pag-uusap nila ay siguradong lalo siyang maaantala.

“Ganito na lang po...” aniyang balak daanin sa diplomasya ang babae. Pero na-preempt ang sasabihin sana niya nang umibis mula sa driver side ng kotse ang isang lalaki.

Her focus immediately shifted toward the guy who seemed to be in his late twenties. He was tall and... extremely good-looking.

“Tina, we have to go,” anito sa babae.

“Nate, this car is three weeks old. Look what happened.”

“We’ll do something about it, okay? Kelly is tired, she needs to rest.”

Bumuntong-hininga ang babae at nag-ikot ng mga mata. “Fine!” she said, grabbing the card from Angel’s hand. Umirap pa ito bago tumalikod. Pabalik na ito at ang lalaki sa kotse nang bigla at halos sabay na muling humarap ang mga ito sa kanya. Kasunod niyon ay nakarinig siya ng mga tili gawa ng grupo ng ilang katao na nagkumpulan sa tapat ng bintana ng sasakyan na nabangga niya.

“Sabi ko na kotse ito ni Kelly, eh! Pa-autograph naman, idol! Pa-selfie, please.”

Angel’s eyes narrowed as another door of the

car opened. Lumabas doon ang isang babaeng may highlights ang buhok, maputi at makinis ang balat, sexy at talaga namang maganda. Pinagkaguluhan ito ng mga taong lumapit sa kotseng nakaparada.

### *Celebrity?*

Curious na sinipat niya ng tingin ang babae, kaya hindi niya napansin ang pagbubulungan ng dalawang nasa harap niya. Gayun na lang tuloy ang gulat niya nang biglang agawin ng lalaki ang hawak niyang helmet. Mabilis nitong isinuot iyon at walang sabi-sabing sumampa sa likuran niya.

“Patakbuhan mo,” utos nito.

“Ano?” takang tanong niya. “Teka...”

“I said, patakbuhan mo! Come on, let’s go!” anito, sabay hawak sa balikat niya. Kakaiba ang kaba na pumalo sa dibdib ng dalaga nang maramdaman ang higpit ng kamay nito at iyon ang nagtulak sa kanya para padyakan ang kickstart ng motorsiklo.



Sa pangambang mahuli siya for driving without helmet ay inihinto rin agad ni Angel ang motorsiklo nang bahagyang makalayo.

“Why did you stop?” sita ng lalaki.

“Hindi ako tatawid ng EDSA nang wala akong helmet,” sagot niyang mabilis na umibis at lumayo nang ilang hakbang.

Bumaba rin ang lalaki. “I’m sorry. Kailangan ko lang... makalayo agad doon.”

Napakunot-noo siya. Base sa sinabi nito ay malinaw na may tinakasan ito sa pinanggalingan nila. Pero hindi ba’t mga babae at ilang binabae lang naman iyong naglapitan sa kotseng sinakyan nito? Mayroon ba itong atraso sa isa sa mga iyon?

She stared at him from head to toe. Mukha naman itong matinong tao. Anong atraso kaya ang puwedeng magawa ng lalaking ganito kaguwapo?

Iniabot nito sa kanya ang helmet saka naglabas ng cellphone mula sa bulsa ng suot na coat.

“Are they still there?” narinig niyang tanong nito sa kausap sa kabilang linya. “I’m here, just a few meters away. Yes, kung sigurado kayong hindi na susunod ’yang mga iyan. Okay.” Humugot ito ng malalim na paghinga pagkatapos ng tawag.

Lalong na-curious ang dalaga. Pero mayamaya ay napatutop siya sa bibig sa biglang naisip. Sa panahon ngayon ay mainit ang authorities sa mga taong may illegal activities lalo na sa mga involved sa drugs. Hindi kaya isa ito sa mga under surveillance ng mga alagad ng batas?

*Shucks!*

Mabilis siyang sumakay ng motorsiklo at nagsuot ng helmet. Idadamay pa yata siya ng kumag na ito sa kung anong problema nito. Ayaw niyang

matokhang, ano!

Pinipindot ni Angel ang automatic start button ng motor nang pumarada sa tapat niya ang pulang *Subaru*. Bumukas ang pinto niyon sa driver side at dali-daling pumasok doon ang lalaki. Matapos iyon ay humarurot na iyon palayo.

Nakamaang na sinundan iyon ng tingin ni Angel. May illegal na bagay kaya ang kinasasangkutan ng lalaking sumakay roon para tumakas nang ganoon?



Hindi man agad naka-move on sa kakaibang na-experience nang umagang iyon ay nawala rin sa isip ni Angel ang nangyari nang makauwi siya ng bahay. Dinatnan niya si Pocholo na nanonood ng TV. sa sala, kaharap ang isang platong kanin na may nakapatong na dalawang tipak ng fried chicken.

“Si Daddy?” tanong niya rito.

“Di pa umuuwi. Kung saan na naman siguro kinaray n’ung matandang dalagang prospect niya,” sagot nito sa pagitan ng pagnguya.

“Hindi matandang dalaga si Rosana. Biyuda ’yon,” pagtutuwid niya.

“Whatever,” ismid nito.

“Bakit ba ang init ng dugo mo d’un sa tao?”

“Epal, eh. Dahil sa kanya kaya kinakalimutan na ni Daddy si Mommy.”



“Ano ka ba? Tatlong taon nang wala si Mommy.”

“Kaya dapat na siyang kalimutan?” Umingos ito. “Bahala kayo kung ’yan ang gusto n’yo. Pero huwag n’yo akong igaya sa inyo.”

Angel rolled her eyes habang hinuhubad ang kanyang jacket. Sa kanilang tatlo ng daddy nila ay si Pocholo ang hindi pa talaga nakaka-recover sa naging pagkawala ng ilaw ng kanilang tahanan.

Things, actually, had never been easy even for her. Isa silang masaya at masasabing almost perfect na pamilya dati. Very close sila kahit apat lang sila. May mataas na posisyon sa isang government agency ang daddy nila habang mina-manage ng mommy nilang si Lenie ang tatlong hardware stores nila sa iba’t ibang parte ng Quezon City. Although hindi nila itinuturing na isa silang mayamang pamilya, masasabing maalwan naman ang pamumuhay nila nang mga panahong iyon.

Sabay silang nagtapos ng pag-aaral ni Pocholo. Siyempre, dahil kambal ay magkaedad sila. Business Management ang kurso nito habang Fine Arts ang sa kanya. Everything was smooth-sailing in their family, hanggang isang araw ay ipinakita ng tadhana na kahit ang isang magandang pamilya na gaya ng sa kanila ay hindi exempted sa mga pagsubok ng buhay.

Nasa bangko ang mommy nila noon nang pasukin iyon ng mga hold-upper. Dahil nagtangkang

manlaban ang mga security guards ay nagkaroon ng barilan at isa si Lenie sa naging casualties.

Para silang pinagsakluban ng langit at lupa sa nangyari. Part of each of them also died with her. Pare-pareho silang nawalan ng direksyon. Nalulong si Greg sa pag-inom ng alak at napabayaang ang sarili at ang trabaho dahil para ma-terminate ito. Si Pocholo naman na katu-katulong ng mommy nila sa pagpapatakbo ng negosyo ay ini-isolate ang sarili sa mundo. Hindi na ito naglalabas ng bahay at ibinunton ang sama ng loob sa maghaponing panood ng TV, pagbababad sa Internet at walang kontrol na pagkain.

At siya... oh, well, she cried almost everyday, for months, na para bang iyon na lang ang gusto niyang gawin sa buhay. At dahil pare-pareho silang nawalan ng pakialam sa maraming bagay ay naging mabilis ang pagbagsak ng kabuhayan nila. Nawala ang halos lahat ng naipundar ng kanilang pamilya.

Pero masasabing masuwerte pa rin si Angel. Marahil ay malakas lang talaga ang personality niya dahil siya ang unang natauhan. It happened when some of her friends convinced her to go hiking outside Metro Manila.

Habang nasa summit ng isang bundok at nakatingin sa ibaba ay parang nakita niya muli kung gaano kaganda ang mundo. Na-realize niya

na marami pa silang magagawa. Life has to go on for them at ang pagtalikod nila sa buhay ay hindi ikinatutuwa ng mommy niya saanman ito naroroon.

“Alam mo, dapat matuwa ka na lang dahil masigla na ulit si Daddy,” sabi niya habang isinasabit ang hinubad na jacket sa likod ng pinto.

Siya rin ang naging responsible para matauhan si Greg sa realidad. Siya kasi ang unang gumawa ng paraan para mabawi ang mga nawala sa kanila. Itinayo niya ang dati na niyang pangarap na printing business sa isang sulok ng kanilang garage. Struggling ang unang mga buwan ng maliit na negosyong iyon, pero eventually ay naging maayos din ang takbo. Dumami ang customers nila at isa na roon si Rosana. Nagpaimprenta ito ng mga t-shirts at tarpaulin para sa zumba club na ini-sponsor nito. Ito ang nagyaya sa daddy niya na maglabas ng bad vibes sa katawan sa pamamagitan ng pag-e-exercise. Hanggang sa naging jogging partner na ito ni Greg.

“Bakit ako matutuwa doon?” asik ni Pocholo. “Paano kung dalhin niya rito ang babaeng iyon at ipalit sa puwesto ni Mommy?”

“Masyado ka namang advance mag-isip. Friends lang sila,” anang dalaga saka umiling. Bagaman katulong niya ang kakambal sa trabaho ay hindi pa rin niya ito maibalik sa dati. Hindi niya alam kung ano ang hindi nito maiwan sa sariling mundong

nilikha matapos mawala ang mommy nila. Ang mga alaala ba o ang mga pagkain na pinili nitong makasama sa mundong iyon? Sobrang overweight na ito at nag-aalala na siya sa kalusugan nito.

“Sa ngayon. Pero pag hindi tumigil si Daddy sa kakasama sa babaeng iyon, hindi malayong mangyari ’yung sinabi ko. Ikaw ba gusto mong makasama rito sa bahay ang babaeng iyon at pumalit siya sa puwesto ni Mommy?”

“Walang puwedeng pumalit sa puwesto ni Mommy, Choy. Alam mo, ang dapat mapalitan ay ’yang habit mo. Ang bilis maubos ng laman ng ref natin dahil diyan, eh.”

“Nagtatrabaho ako kaya may karapatan akong kainin ang laman ng ref.” Muli siyang inismiran nito. “Hindi mo ’ko dapat pinagsasalitaan ng ganyan, mas matanda ako sa iyo, baka nakakalimutan mo.”

“Sus, five minutes lang naman ’yon.”

“Kahit na. Nauna pa rin akong lumabas,” anito saka dumakot ng pagkain sa kandong na plato at isinubo nang pakamay.

## CHAPTER *Two*

“*N*a-print mo na ba ’yung tarp na pinagawa ni Kapitan para sa paliga nila?” tanong ni Angel sa kapatid nang makita ito sa kusina nang sumunod na araw.

“Kahapon pa,” sagot nito na sinundan ng pagkagat sa jumbo hotdog na nakatusok sa hawak na tinidor.

Gaya ng nakagawian ay nagtimpla siya ng energy drink na karaniwan niyang iniinom tuwing umaga. “Nasaan na ’yung design ng jersey ng Team Believers?”

“Itanong mo kay Daddy. S’abi niya siya ang gagawa ng design sa computer, di ba? Hanggang ngayon wala pa kaya di ko pa napi-print sa transfer

paper. Masyado kasing busy. Tingnan mo, ang aga-aga wala na naman. Malamang kasama ulit 'yung babae niya."

"Hayaan mo nga siya," saway niya sa paglilitanya ng kakambal. "Ako na'ng gagawa. Ikaw na'ng maghatid n'ung tarpaulin, pinapa-deliver 'yon ni Kapitan sa barangay hall."

"Ikaw na!" tanggi nito. "Bumili ka na rin ng ulam natin mamayang tanghali."

Doon na siya napakunot-noo. "Kumakain ka pa nga, ulam na naman mamayang tanghali ang iniisip mo? Aba, sumosobra na 'yang katakawan mo. Tingnan mo nga 'yang katawan mo, malapit ka nang magmukhang elepante."

"Huwag mong pakialaman ang katawan ko, okay?"

Napailing si Angel bago humigop sa laman ng hawak na tasa. Hindi niya pinansin ang pagtunog ng telepono sa sala nang makitang gumawi roon si Pocholo.

"O, telepono," sabi nitong iniabot sa kanya ang receiver. "Ikaw ang hinahanap."

Tinanggap niya iyon. "*Decolores Printshop, good morning.*"

"Is this Angelie Aragon?" tanong ng boses ng babae sa kabilang linya.

"Yes, Ma'am, how may I help you?"

“This is Cristina Santos. Tungkol ito sa car na nabangga mo kahapon.”

Napaunat siya nang bahagya nang marinig iyon.



Alam ni Angel na kailangan niyang panindigan ang sinabing babayaran niya ang damage ng kotseng nabangga niya, kaya kahit may pag-aalangan ay nakipagkita siya sa babaeng tumawag. Napaisip pa siya kung bakit sa halip na sa talyer ay pinapunta siya nito sa isang bahay sa loob ng isang exclusive subdivision sa Quezon City.

Nabuhay ang pagdududa niya habang nakatayo sa tapat ng magandang bahay na tinumbok ng address na sinabi ng babae. Naalala niya ang lalaking naki-backride sa kanya. Kung tama ang hinala niya na involved iyon sa illegal activities ay maaaring ganoon din ang babaeng nagpakilalang si Cristina dahil magkasama ang mga ito.

What if sa pagpunta roon ay malagay siya sa alanganin?

Her uncertainties grew when she noticed that the house was located in an isolated part of the village. She decided to go back to where she parked her motorcycle, pero natanaw na pala siya ng tao sa loob ng bakuran.

“Hey!” tawag ng babae na agad nagbukas ng

gate. "Come in."

Angel's eyes roamed around as she entered the gate. Maganda ang nakita niyang loob ng bakuran. Covered ng well-trimmed grass ang lawn although hindi iyon kalawakan. Maayos ang pagkakataanim ng mga halaman sa paligid at maluwang ang garage kung saan nakaparada ang itim na *Land Cruiser*. Wala roon ang *Subaru* na nabangga niya. Malamang ay nasa repair shop iyon.

She was expecting to see suspicious personalities as she went through the front door. Gaya halimbawa ng mga lalaking armado, mga mukhang goons tulad sa mga miyembro ng sindikato sa ilang pelikulang napanood niya. Pero wala siyang nakitang ganoon.

Instead, isang unipormadong katulong ang kinausap ng babae nang nasa loob na sila. Nagpahanda ito ng merienda bago siya sinenyasan na maupo sa leather sofa.

Sunod niyang napansin ang isang malaking nakakuwadrong picture na nakasabit sa pinaka-exposed wall ng malawak na sala. Parang enlarged copy iyon ng cover ng isang magazine at ang naroon ay ang close-up photo ng artistang si Kelly Paraiso.

*Ah! Siya 'yung pinagkaguluhan kahapon!* she realized.

Iginala pa niya ang tingin hanggang sa mahagip niyon ang lalaking nakaupo sa isa sa tatlong



stool sa mini-bar sa isang sulok. Napaangat nang bahagya ang mga kilay niya nang makilalang iyon ang lalaking basta na lang sumampa sa motor niya nang nakaraang araw. Nakatingin ito sa kanya at hindi niya alam kung bakit parang may kumalabit sa sentro ng dibdib niya nang magtama ang mga mata nila.

Kung guwapo ang tingin niya sa lalaki nang una ay parang mas gumuwapo pa ito ngayon. He wore black polo with sleeves rolled up to his elbows, *Wrangler* jeans and leather shoes. Sa ganoong ayos ay parang napakalinis nito, dahilan para bigla siyang ma-conscious.

Nakasuot lang siya ng personalized t-shirt, faded maong pants at local brand na rubber shoes. Kung itatabi siya rito ngayon ay siguradong magmumukha siyang ewan.

“Si Kelly Paraiso ang nasa poster na iyan,” sabi ni Cristina na naupo sa pang-isahang couch sa dulo ng inupuan niya. “Kahapon, n’ung nabangga mo kami parang hindi mo siya pinansin. Aren’t you a fan of her?”

“Ah, hindi ko siya agad na-recognize,” sagot niya. “Pero kilala ko siya. Sobrang sikat siya, marami siyang commercial sa TV. Teka, bahay... ba niya ito?”

“No. This is Nate’s house.” Tumingin ang babae sa lalaking nasa mini-bar. “He is Nathaniel Quesada

and as I have already told you, I'm Cristina Santos. Talent manager ako at isa sa mga alaga ko si Kelly.”

Tumango siya. “So, paano natin aayusin 'yung nangyari kahapon?” unkrat niya habang inilalapas ng lumapit na maid ang dalawang baso ng juice sa center table.

Hindi pa nakakasagot si Cristina nang sumungaw bigla si Kelly Paraiso. Kung saan ito nanggaling ay hindi alam ni Angel dahil hindi naman ito pumasok sa front door.

“Hey!” nakangiting bati nito, pero natigilan nang makita siya. “Oh! Siya ba?”

“Yes,” sagot ni Cristina.

“Have you told her already?”

“I was just... starting to tell her.”

“Ah, okay,” anito saka gumawi sa kinaroroonan ni Nate.

Dahil hindi naman talaga mahilig sa mga artista ay hindi masyadong na-amaze si Angel na may kaharap siya ngayong isa at iyong itinuturing pang pinakasikat sa panahon ngayon. Ang ikinagulat niya ay ang ginawa nitong pag-abot sa mga labi ng lalaking nilapitan.

Napaangat ang isang kilay niya. Hindi updated pero alam niyang ka-love team ni Kelly Paraiso ang artistang si Denver De Vera. *DenLy* ang tawag sa love team ng mga ito at gaya ng ipino-portray sa TV,

ang alam ng mahihilig sa showbiz ay magkarelasyon ang mga ito.

Ibig bang sabihin na hindi totoo ang DenLy affair dahil may ibang lalaki sa buhay ni Kelly? O pinagsasabay nito ang dalawa?

*Mga artista nga naman, oo!*

Inilayo ni Angel ang tingin. Ano ba ang pakialam niya sa intrigang showbiz, wala nga siyang interes sa mga iyon? Nakakapanghinayang lang na mukhang nakikisosyo ang lalaking naroon kay Denver De Vera.

*Nakakapanghinayang?*

Lihim siyang umiling.

This early ay hindi niya maikaila ang pagiging crushable ng lalaki kahit pa nga parang hindi ito marunong ngumiti.

“Uhm... ano na? Magkano ba ang kailangan kong bayaran sa naging damage ng kotse n’yo?” unkrat muli niya para mailayo ang atensyon kay Nate.

“Actually, that car is new insured kaya walang problema,” ani Cristina.

“Hindi n’yo ako sisingilin?” Duda siya roon. Bakit pa siya kakausapin ng mga ito kung ganoon?

“Hindi naman puwedeng ganoon lang iyon.” Tumayo ang talent manager at gumawi sa tapat ng poster. “Pero, oo, puwedeng hindi ka na namin

papanagutin doon. In exchange for... a little favor.”

“Favor?”

“There is a role we want you to play.”

“Role?” Namilog ang mga mata ni Angel. “K-kukunin n’yo akong artista?” Hindi siya makapaniwala. Kailan pa siya naging artistahin?

“Parang ganoon pero... hindi talaga ganoon.”

Nalito siya roon.

“We are not offering you a role in a movie or TV show,” sabat ni Kelly na nakakapit sa balikat ng lalaki. “This is in real life.”

“Real life?”

“We want you to play the role of Nate’s love interest.”

“Ha?” Gulat siyang napatingin sa lalaki at nakita niyang hinagud-hagod nito ng ilang daliri ang noo.

“Kapag nagawa mo ’yon, wala ka nang kahit anong iintindihin sa damage na nagawa mo sa kotse ko.”

“Teka, para saan? I mean... hindi ko yata maintindihan...”

Naglabas ng cellphone ang talent manager at matapos mag-swipe nang ilang ulit ay iniharap nito sa kanya ang screen. “This photo was taken yesterday if you can remember.”

Sinipat niya iyon. “Yes, I remember. Pinagkaguluhan siya ng mga... fans?”

“Hindi lang fans ang nandiyan. May isa diyan na protégé ng isang kilalang showbiz reporter na taga-kabilang network at naghahanap ng negative na maisusulat tungkol sa DenLy love team. Look at the picture again.” Cristina zoomed in the photo hanggang sa ma-focus sa nasa background na si Nate. “Dati nang iniintriga ng showbiz reporter na iyon na may third party sa DenLy love team at si Nate ang itinuturo.” Muling nag-swipe sa screen ng cellphone si Cristina. “Here’s another one.”

Mas namilog ang mga mata ni Angel nang makita ang isa pang picture. Siya kasi ang naroon, nakasakay sa motor at nakaupo sa likuran niya ang lalaking nagsusuot ng helmet.

“Kumakalat ang mga pictures na iyan sa ilang showbiz news site at sa social media. I’m sure may social media account ka, right?”

“Yes, pero hindi naman ako ganoon ka-active,” sagot niya. It’s been two days since she last updated her status in her social media accounts. Si Pocholo ang talagang nakababad sa ganoon, pero malamang na hindi iyon mapapansin ng kakambal niya dahil hindi rin ito mahilig sa showbiz news.

“The truth is, hindi ka namin pinili para gampanan ’yung role na gusto naming gampanan mo,” sabi muli ni Cristina. “Ikaw ang nakita ng pipitsuging reporter na nandoon na kasama ni Nate

na umalis sakay ng motorbike. We were forced to confirm it was you and not us who were with him then. Now, we have no choice kundi ikaw na nga ang palabasin na babae sa buhay niya to prove na wala silang kaugnayan ni Kelly.”

May biglang naalala ang dalaga. “Kung ganoon, ’yung reporter na nandoon... ang tinakasan niya kahapon kaya basta na lang siyang sumampa sa motor ko?”

“That’s correct,” Cristina confirmed. “At ’yung mga fans na rin.”

Natatawang napailing si Angel. Kapraningan pala kung ganoon ang mga naisip niya tungkol sa lalaki. “Eh, bakit... kailangan niya silang takasan? Bakit hindi n’yo na lang aminin? Mukha namang... totoo...” aniya, sabay hagod ng tingin sa dalawa.

“Hindi ’yon puwede,” Kelly answered. “That could ruin my career.”

“Bakit naman?”

Si Cristina ang nagpaliwanag. “Importante ang mga fans sa career ng isang artista. Dahil sa kanila kaya siya sikat. ’Yung mga fans ng DenLy, may fantasy sila na sina Denver at Kelly ang magkakatuluyan kaya hindi puwedeng sumingit ang isang non-showbiz na gaya ni Nate. Ilang hate messages na ang natanggap ni Nate galing sa DenLy fanatics. Ilang beses na rin siyang na-bash sa social

media. All because pinaghihinalaan siyang panggulo sa DenLy love team.

“Although totoo ’yon, hindi iyon puwedeng ma-confirm dahil ikakatabang iyon ng pagtingin ng mga fans, ikakasira iyon ng love team at posibleng ng career na rin ni Kelly. We could not let that happen, kaya kailangan namin ng isang babae na maglalayo kina Kelly at Nate sa isa’t isa sa mata ng publiko.”

“At ako ’yon?” Itinuro ni Angel ang sarili.

“It has to be you.”

Parang gusto niyang matawa. “Wait lang, ha?” aniyang hindi ikinubli ang pagkakangiti. “Baka naman... gusto n’yo lang gumawa ng reality show na ang concept ay... pagtatagpuin n’yo ’yung dalawang tao na hindi magkakilala. Involved sa isang showbiz personality ’yung isa ’tapos ang challenge, ’yung isa ay kailangan mapaibig niya ’yung guy para mailayo d’un sa sikat... and then, at the end of the day... mai-in love sila sa isa’t isa. Iyon ba ’yon?”

Kapwa sandaling natahimik sina Kelly at Cristina sa speculations na binitiwang ni Angel.

“You think puwede kang ma-in love kay Nate?” tanong ng artista mayamaya.

Siya naman ang natigilan. Hindi niya napigilan ang sarili na tapunan muli ng tingin ang lalaki at nakita niyang nakatingin ito sa kanya na parang naghihintay ng kasagutan.

Parang siyang biglang nahiya. “Kung... iniisip n’yo na wala akong kakayahan na bayaran ’yung naging atraso ko, mali kayo. Tingin ko naman, hindi ’yon milyones para—”

“We are not blackmailing you if that’s what you think,” agaw ni Cristina. “Like we’ve said, hindi ka namin pinili. It just so happened na ikaw ang kailangang gumawa niyon. Hindi ito reality show. This is real world. Hindi naman ito magiging mahirap, may ilang bagay lang na kailangang gawin para ma-divert ang hinala ng reporter ng kalabang station at matigil siya sa pagsusulat ng negative tungkol kay Kelly. Iyon lang iyon.”

Mababaw na buntong-hininga ang pinakawalan niya saka tumayo. “Alam n’yo... ordinary lang akong tao. Ayaw kong ma-involve sa mga—”

“Hindi ko lang babalewalain ang naging damage ng kotse ko,” putol ni Kelly. “I am willing to pay you. Just name your price.”

Naningkit na naman ang mga mata ni Angel.

“I just want to spare Nate from the harsh world of showbusiness and social media kaya namin ito ginagawa,” dagdag nito. “Kung pinoproblema mo ’yung possibility na ma-in love kayo sa isa’t isa... well... Nate is... a very good-looking guy at kahit sino puwede talagang magkagusto sa kanya. But for your own good, sikapin mong huwag iyong



mangyari. Kasi, I'm pretty sure he'll never fall in love with you or anyone else for that matter.”

Nagtaas-noo si Angel sa sinabing iyon ng artista. Hindi niya alam kung sobrang confident lang ito o gusto nitong ipamukha sa kanya na hindi siya ang tipo ng babae na makakahuli sa pagtingin ng isang gaya ni Nate.

She's no way near of a competition, wika nga.

Either way ay parang nasaling niyon ang ego niya. Pareho lang naman silang babae. Oo at lamang ito sa ganda, marahil sa kaseksihan at sa kasikatan, pero may mga qualities din naman siya na siguradong wala rito.

Humugot siya ng buntong-hininga bago muling nagtanong.

“Ano ba... ang mga kailangan kong gawin kung sakali?”

## CHAPTER *Three*

**T**hey were at the vicinity of Quezon Memorial Circle. Doon sa medyo isolated na bahagi na walang gaanong tao. Kasama ni Angel na bumaba ng van si Cristina at ang production assistant na tinatawag nitong Jenny, habang naiwan sa loob ng sasakyan si Kelly.

Naglayo ng mga mata ang dalaga nang tumingin sa kanya si Nate. All the while, habang inaayusan siya sa loob ng van ay nasa labas lang ito, palakad-lakad sa unahan. Lihim niya itong sinisilip kaya nabilang niya na nakadalawang stick ito ng sigarilyo bago natapos sa pag-aayos sa kanya ng alalay ni Kelly.

“You think she’ll do now?” tanong ni Cristina sa lalaki, obviously asking for his opinion about

her 'new' look. Kailangan daw kasi ng kaunting makeover para maging presentable siya sa pictures at nang bumagay siya kahit paano kay Nate.

Hindi narinig ni Angel na sumagot ang lalaki, but she saw at the corners of her eyes how he shrugged his shoulders as if saying; 'puwede na'.

*Damn!* Napailing siya. Kahit anong ayos ang gawin sa kanya, siya mismo ay hindi maniniwalang mas magkakainteres sa kanya ang lalaki kaysa kay Kelly. Paano nila makukumbinsi ang kalabang reporter at ang mga fans na siya ang love interest nito?

"Tumabi ka sa kanya," utos sa kanya ni Cristina na iginalaw ang ulo pagawi sa kinaroroonan ni Nate.

Tumayo siya ilang dangkal ang layo sa lalaki habang iniuumang ni Jenny ang camera ng hawak na cellphone.

"Lapit pa. Dumikit ka," anang talent manager. "Sa malayo kayo tumingin. It has to look like a stolen shot."

*Puwede bang sa kanya ako tumingin?* gustong i-request ni Angel. Hindi pa nga siya gaanong dumidikit kay Nate ay nalanghap na niya kung gaano ito kabango.

Matapos ang ilang click ng camera ay dinala sila ni Cristina sa damuhan at pinaupo nang magkatabi.

“Put your hand on his shoulder,” utos muli nito sa dalaga.

Nag-alangan siya pero ginawa niya ang sinabi nito. Ipinatong ni Angel ang isang kamay sa balikat ng lalaki. Casual lang din ang attire ni Nate, *Nike* white t-shirt na kahit ang one hundred percent cotton na ginamit sa paggawa niyon ay hindi nakapigil sa pag-umbok ng makapal nitong muscles sa balikat at dibdib. Parang gusto tuloy niyang ihagod pababa ang kamay.

“Malayo kayo sa isa’t isa. Idikit mo ’yung legs mo sa legs niya,” dagdag ni Cristina.

Tumaas ang kilay ni Angel. Ano ang pakinabang doon, pareho silang nakasuot ng maong pants?

As if hindi kontento sa bahagya niyang pagdikit, lumapit ang babae at hinila ang kaliwang binti niya hanggang sa halos pumatong na iyon sa binti ng lalaki. She stared at them for a while bago nito inilipat ang kamay niya sa kabilang balikat ni Nate. Sa ginawa nitong paghigit sa braso niya ay napadikdik ang dibdib niya sa tricep ng binata at naramdaman niya ang katigasan niyon. For sure ay naramdaman din iyon ng katabi kaya na-conscious siya.

Eh, ano ba? For his information; wala siyang kakulangan sa bahaging iyon ng katawan niya. Siguradong may ilalaban iyon sa gaanuman katigas

nitong muscles at sa kung anupamang matigas sa katawan nito.

Mayamaya ay inabot ni Cristina ang isa pang kamay niya at iginiya pakapit sa braso ng lalaki. Sa posturang iyon ay para na siyang nakayakap sa huli.

“Ngumiti kayo,” utos nito bago tinanguan ang umaaktong photographer.

Ngumiti nga si Angel. Sa sulok ng mga mata niya ay nakita niya na hindi man lang gumalaw ang corner ng bibig ng kanyang katabi. Hindi yata talaga ito marunong ngumiti kahit pilit lang.

“I want you to know none of these is my idea,” biglang sabi nito, mahina pero sapat para madinig niya.

“Ha?” Napatitig siya rito. At dahil halos nakadikit ang pisngi niya sa punong braso nito ay nagkalapit ang mga mukha nila nang bumaling ito sa kanya.

“I’m just doing this for Kelly.”

Napalunok siya nang lihim, hindi inintindi ang sinasabi nito. His breath, warm but fresh brushed across her face. His lips... what else could she say about those lips that definitely looked more kissable than hers.

*Gaano kaya ito kasarap humalik?*

Parang na-hyper bigla ang internal organs ni Angel nang mga sandaling iyon, partikular ang

kanyang puso. At nanulay iyon sa kanyang mga ugat na halos magpanginig sa mga kamay niya.

*What the f\*ck is happening to you?* sita niya sa sarili. Hindi naman iyon ang unang pagkakataon na napadikit siya nang ganoon sa isang lalaki, pero kung bakit gayon na lamang kung mag-react ang katawan niya ay hindi niya alam.

“Perfect!”

Napakislot sila kapwa sa malakas na pagbulalas ni Cristina.

“With that shot, ewan ko lang kung iisipin pa ng Boy Olarte na iyon na may relasyon kayo ni Kelly,” she told Nate na ang tinutukoy ay ang showbiz reporter sa kalabang network. “We’re done for today.”

“Oh, thank God!” Padaskol na tumayo ang lalaki na muntik pang ika-outbalance ni Angel. Parang gustong-gusto nitong makalayo agad sa kanya samantalang siya ay gusto pang magpasasa sa tabi nito.

Dahan-dahan siyang tumayo at kunwa ay nagpagpag ng mga palad.

“Where’s your phone?” tanong sa kanya ng talent manager.

“Nasa bag ko, sa loob ng van.”

“Yung ilang pictures n’yo, gagawan ko ng paraan para ma-publish sa mga newspapers and magazines.

Pero 'yung ibang shots ay ipapasa ko sa 'yo para ikaw ang mag-post sa social media accounts mo. I-open mo lang ang settings para maraming makakita.”

“Ako'ng magpo-post?” Gusto niyang matawa. Siguradong pagpipiyestahan iyon ng mga kaibigan niya at iinggitin niya ang mga ito to the max. Pero tiyak na makikita rin iyon ni Pocholo at ng daddy niya.

“Nate has already deactivated all his social media accounts. At kahit pa hindi, hindi rin siya magpo-post ng picture ng ibang babae doon at hindi ko siya mapipilit. Kaya ikaw ang kailangang magpakalat ng mga litrato n'yo.”

“The problem is, tatanungin ako ng daddy ko at ng kapatid ko tungkol sa kanya.” Nagkibit siya ng balikat. “Well, ipapaliwanag ko na lang na wala ito—”

“Don't tell them the truth,” harang ng babae. “Baka may mapagsabihan silang iba. Dalawa o tatlong tao na makakaalam ng totoo, posibleng kumalat na iyon. Tell them you and Nate are dating.”

“Pero hindi ako nagsisinungaling sa family ko,” iling niya. Nakita niyang napatingin sa kanya ang lalaki habang nagsisindi muli ng sigarilyo. “Kung ganoon ang sasabihin ko, siguradong oobligahin nila akong ipakilala siya sa kanila. Kapag nag-insist

ang dad ko, mapipilitan akong aminin na lahat ng ito... hindi totoo.”

“Are you suggesting na dapat makilala ng family mo si Nate?”

She rubbed her nape gently. Nilingon ni Cristina ang lalaki at nakita ni Angel ang bahagyang pagbagsak ng mga balikat nito kasabay ng pagbuga ng usok mula sa hinitit na sigarilyo.



Huminga nang malalim si Angel nang bumungad sa pintuan. Nasa sala sina Pocholo at Greg na kapwa nakaharap sa TV. Sinubukan niyang kunin ang atensyon ng mga ito, pero hindi siya napansin dahil naka-focus ang mga ito sa pinanonood na basketball game.

“Wait lang, ha?” aniya sa kasamang lalaki na nakatayo sa likuran niya. Nilapitan niya ang dalawa. “Choy, Dad.”

“O, nandiyan ka na pala. Saan ka ba galing?” tanong ni Greg na sinulyapan lang ang anak na bagong dating.

Nakaramdam ng kaunting tension ang dalaga at para kontrahin iyon ay dumukot siya sa malaking supot ng chicharon na kandong ng kakambal niya. Nag-react ito at inangilan siya.

“Ano ba?”



“Grabe ka, isa lang, eh.” Isinubo niya ang nakuhang piraso ng chicharon

“Pagpasensyahan mo na ’yang kapatid mo at masama ang timpla niyan. Tambak na naman kasi ang paborito niyang *Ginebra Gin Kings* sa *San Miguel Beermen* natin,” sabi ni Greg.

“Talaga? Eh, kangkong naman kasi ang *Ginebra*,” aniyang na-focus rin ang tingin sa TV.

“Kangkong ka diyan,” ingos ni Pocholo. “First quarter pa lang, babawi kami mamayang fourth quarter.”

“Kung makabawi,” aniya saka nagtangkang muling dumukot sa supot, pero iniwas nito iyon. Sa paglingon nito sa kanya ay di-sinasadyang nahagip ng tingin nito ang lalaking nakatayo sa pintuan.

“Ano ’yon, p’re? May ipapa-print ka?” tanong nitong inakalang customer ang naroon.

Natauhan si Angel. Mabilis siyang tumayo saka binalikan ang kasamang lalaki na tila sandaling nalimutan. “Ah, Dad, Choy, kasama ko nga pala siya.”

Nag-angat ng kilay si Greg na nakalingon na rin.

“Siya si Nate. Nate, ang daddy ko, si Greg Aragon at ang kapatid ko, si Choy. Fraternal twins kami.”

“Mas matanda ako sa kanya,” pahabol ni Pocholo.

“Five minutes lang ’yon,” kontra niya, grinning

to the guy she brought home.

“Good evening,” pagbibigay-galang ng bisita bagaman, wala pa ring ngiting namutawi sa mga labi nito. “There you have it. Kilala na nila ako,” bulong nito nang muling balingan ang dalaga. Muli itong tumingin sa dalawa. “Looks like... you’re busy here, so, I think I should go—”

“Hindi, hindi,” pigil ni Greg saka tumayo matapos hinaan ang volume ng TV. “Ngayon lang ulit nagsama ng kaibigan itong anak ko. Bakit aalis ka agad?”

“Eh, kasi, Dad, may... pupuntahan pa po siya,” salo ni Angel. Sa simula pa lamang ay na-sense na niyang napilitan lang si Nate na sumama sa kanila. Anyway, ang importante lang naman ay makilala ito ng mga kapamilya niya para hindi magulat ang mga ito kapag nag-post na siya ng mga pictures nila sa Internet.

“Ganoon ba? Eh, bakit isinama mo kung may pupuntahan pa pala?”

Sa kawalan ng maisasagot ay nahinagod na lang ni Angel ang pisngi.

“Maaga pa naman,” sabi muli ni Greg kay Nate. “As I’ve said, ngayon lang ulit nagsama ng kaibigan dito sa bahay namin itong anak ko at natutuwa ako roon. Why don’t you stay for a while? Join us for

dinner.”

Bahagyang gumalaw ang kilay ng bisita. But instead of saying something, he turned to Angel who just shrugged her shoulders. Alam niyang hindi sang-ayon doon ang lalaki, but the thought of him having dinner with her just gave her some kind of a tingle.